



Inirerekumenda sa mga rider ng Brampton Transit na magsuot ng hindi medikal na mga mask sa mga bus, bus stop at terminal

BRAMPTON, ON (Mayo 22, 2020) – Inirerekumenda ngayon ng pamahalaan ng Ontario at ng Rehiyon ng Peel na ang mga nagbibiyaha sa pampublikong transportasyon ay magsuot ng hindi medikal na mask kung saan mahirap magawa ang paglayo mula sa iba. Ang kalusugan at kaligtasan ng staff ay nakapa-halaga sa Lungsod, at mahigpit na inirerekumenda sa mga rider na magsuot ng hindi medikal na mga mask sa mga bus ng Brampton Transit at sa mga bus stop at terminal dahil sa COVID-19.

Pinaalalahanan ang mga pasahero na panatilihin ang pisikal na layo nang anim na piye (2 metro) mula sa iba habang nasa mga terminal at bus stop at habang nakasakay sa mga bus.

Para sa impormasyon kaugnay ng mga hindi medikal na mask, bisitahin ang [website](#) ng Rehiyon ng Peel at ang [website](#) ng pamahalaan ng Ontario.

Mga pangkaligtasang Hakbang sa COVID-19

Ang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay ginagawa pa rin. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment at mga upuan ng operator kada 48 oras. Kasalukuyang sina-sanitize ang karamihan sa mga bus kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw o surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Tanggapan ng Brampton Emergency Management para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Mga Quote

“Ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad ay nananatiling pinaka-mahalaga sa atin sa Lungsod. Hinihikayat ko ang lahat ng rider ng Brampton Transit na sundin ang mga rekomendasyon mula sa pamahalaan ng Ontario at Rehiyon ng Peel at magsuot ng hindi medikal mask sa mga bus at bus stop at terminal. Magkasama, magagawa nating ipagpatuloy ang pakikipaglaban sa pagkalat ng COVID-19.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nananatiling dedikado ang Lungsod ng Brampton sa pagbibigay ng mga pagkakataon ng ligtas na transportasyon para sa mga rider ng Brampton Transit at isang ligtas na trabahuhan para sa ating mga operator ng Transit. Hinihikayat ang mga rider na sundin ang payo ng pamahalaan ng Ontario at ng Public Health ng Rehiyon ng Peel para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca